



CEM[®] ONLINE NEWSLETTER

ISSN-1656-8583


Buwan ng Wikang Pambansa 2019

Ang taong 2019 ay itinalagang *International Year of Indigenous Languages* ng UNESCO at kaugnay nito, ating ipinagdidiriwang, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang taunang Buwan ng Wikang Pambansa ngayong Agosto na may temang “Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino.”

Layunin ng pagdiriwang na ito na:

1. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa halaga ng multilingwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan;
2. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino, lalo ang mga may ari ng katutubong wika, na makilahok sa mga gawaing pangwika ng KWF;
3. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino na magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatutugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad sa pakikipagtulungan ng KWF;
4. Mapangalagaan ng KWF ang mga karapatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang magbibigay ng seguridad laban sa mga diskriminasyong pangwika; at
5. Maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga katutubong wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

Sanggunian: DepEd Memo No. 079, s.2019



Mga Nilalaman >>>

2

Sentralisadong Seminar-Workshops – Agosto 2019

3

Mga Dinaluhan ng CEM – Agosto 2019

5

Pagsulat ng Modernong Baybayin

Sentralisadong Seminar-Workshops – Agosto 2019

Ang CEM, sa pangangasiwa ng *Professional Development Section (PDS)*, ay patuloy na pinagiibayo at pinagbubuti ang mga programa at serbisyo nito upang higit na makatugon sa pangangailangan ng mga kasapi. Regular na isinasagawa ng tanggapan ang sentralisadong *seminar-workshops* na nilalahukan ng mga kinatawan mula sa mga kuwalipikadong paaralan na kasapi ng CEM.

Interpreting and Utilizing CEM Achievement Test Data (DU-AT)

Isa sa mga seryeng isinagawa sa ilalim ng *centralized seminar-workshop* na ginanap sa punong tanggapan ng CEM ngayong buwan ng Agosto ay ang pagbibigay impormasyon sa mga delegado tungkol sa pag-interpret at wastong paggamit ng mga nakalap na datos mula sa resulta ng Achievement Test sa mga asignaturang Ingles, Matematika, at Agham.

Ang palatuntunang ito ay dinisenyo upang patatagin ang kakayahan ng mga tagapamuno ng paaralan, mga guro, gabay tagapayo, at iba pang mga dalubhasa sa pagsuri at pagbibigay kahulugan sa mga resulta ng *CEM Standardized Test*. Layunin din nitong magamit ng paaralan ang mga impormasyon sa pagpapaunlad ng kanilang kurikulum, pagpapalano sa metodong gagamitin sa pagtuturo, at pagtata sa mga mag-aaral upang lalong higit na mapabuti ang kanilang pagkatuto sa iba't ibang asignatura.

Pinangunahan ni Bb. Ma. Teresa V. Yuvienco, ang serye para sa Paggamit ng datos ng Asignaturang Ingles noong Agosto 5-6, 2019 na dinaluhan ng 61 delegado mula sa tatlungpu't apat na paaralan sa Kalakhang Maynila at mga kalapit na probinsiya sa Luzon, habang ang serye para sa asignaturang Matematika na pinangasiwaan ni Dr. Erminda Fortes ay dinaluhan ng 65 na kinatawan mula sa tatlungpu't limang kasaping paaralan noong Agosto 8-9, 2019. Samantala, dinaluhan naman ng 59 na delegado mula sa talungpu't apat na paaralan noong Agosto 15-16, 2019 ang serye para sa Asignaturang Agham na pinamunuan ni Bb. Genelita Garcia.

Developing Classroom Management Skills

Noong Agosto 29 - 30, 2019 ay ginanap sa CBE Function Hall ng Father Saturnino Urious University, Butuan City ang isa pa sa mga hanay ng programa ng CEM para sa propesyonal na pag-unlad — ang *Developing Classroom Management Skills (DCMS)*. Layunin ng seminar-workshop na ito na tulungang linangin ang kakayahan ng mga guro sa pamamahala ng silid-aralan na isang sangkap sa pagkakaroon ng epektibong pamamaraan ng pagtuturo (para sa mga guro) at pagkatuto (para sa mga mag-aaral). Ang *seminar-workshop* na ito ay pinangunahan ni Dr. Arlyn Floreta na dinaluhan ng 38 na delegado mula sa 16 na paaralan sa lalawigan.



Si Bb. Ma Teresa V. Yuvienco habang pinangangasiwaan ang *DU-AT for English*



Mga kalahok ng *DU-AT for Science* kasama si Bb. Mel Tabrilla ng PDS (kaliwa)



Si Dr. Erminda Fortes habang isinasagawa ang *DU-AT for Mathematics* nong ika-9 ng Agosto

Mga Dinaluhan ng CEM – Agosto 2019

Bahagi ng adhikain ng CEM ang pakikipagtulungan sa iba pang mga samahan sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa gamit ng pananaliksik at *educational assessment*. Sa katunayan, ang CEM ay pirmihang nakikiisa at walang sawang sumusuporta sa mga aktibidad at inisyatibo na may kaugnayan sa nasabing layunin.

2019 NCEME Conference

Noong Agosto 22-24, 2019 ay dumalo ang CEM bilang exhibitor sa *6th National Conference on Educational Measurement and Evaluation* (ika-anim na Pambansang Kumprehensiya sa *Educational Measurement and Evaluation*).

Ginanap ang unang araw ng kumprehensiya sa The Bayleaf Hotel samantalang ang Ikalawa at Ikatlong araw ay isinagawa sa Mapua University. Ito ay dinaluhan ng 250 delegado mula sa iba't ibang sektor na may kinalaman

sa edukasyon ang kumprehensiya na may temang/paksang “*Assessment in Education 4.0: Targets, Tools and Trends*”. Ito ay inilunsad ng *Philippine Educational Measurement and Evaluation Association* (PEMEA), isang samahang pangpropesyunal na inilaan para sa mga tagapagsanay, tagapagsaliksik/mananaliksik, guro, at mga nagsasanay sa iba't ibang larangan na may kaugnayan sa *Measurement at Evaluation*.

PGCA- Cavite 6th Provincial Assembly

Inanyayahan ang CEM na maging isa sa mga exhibitor ng Ikaanim na Panlalawigang Pagtitipon ng *Philippine Guidance and Counseling Association* (PGCA) – Cavite Chapter (Sanghay ng Cavite) at ng Pamantasang De La Salle Medical and *Health Sciences Institute* noong ika-23 at 24 ng Agosto 2019.

(Continued on Page 4)



Ang Client Relations team kasama ang isa sa mga kalahok ng NCEME Conference



CEM Exhibit noong the 6th Provincial Assembly PGCA-Cavite Chapter

Tune in to

Veritas846

Ang Radyo ng Simbahan

every Saturday,
8:00-8:30 AM to
catch new episodes.



Like our page
to get more updates



fb.com/cem.inc.org.ph

CEM ONLINE NEWSLETTER

Editorial Staff

Editorial Consultant:

Kathryn M. Tan
Iris Lark H. Dizer
Jason V. Moseros
Michael Joseph Dela Cruz

Content Creator:

Aileen A. Cartagena

Design and Layout:

Frances F.M.B. Cardona
Ralph Ronald J. Baniqued

Mga Dinaluhan ng CEM – Agosto 2019

Mula sa pahina 3

Ang naging paksa ng nasabing pagtitipon ay: *Professional Counseling in the Age of Disruption: Current Trends and Best Practices*. Layunin ng Asembleyong ito na bigyan ang mga kalahok ng impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang pagbabago at mga kasanayan sa larangan ng *counseling* sa panahon ng mabilis at marubdob na pagbabago sa kapaligiran. Ito ay nilahukan ng mga gabay-tagapayo mula sa pampubliko at pribadong paaralan sa mga lalawigan sa CALABARZON (Region IV-A).

School of Tomorrow Philippine Educators' Convention 2019

Ipininakita ng CEM ang pagsuporta nito sa School of Tomorrow (SOT) sa pamamagitan ng pakikiisa sa *Philippine Educators' Convention 2019* bilang *exhibitor* na ginanap noong August 22-23, 2019 sa Summit Ridge Hotel, sa Tagaytay.

Ang pagtitipon ay dinaluhan ng mga tagapamuno ng paaralan, mga guro, at mga magulang mula sa iba't ibang bahagi ng bansa na kasapi ng SOT. Ang dalawang araw na pagtitipon na ito na may paksang: *Light your World*, ay gaganapin din sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas kabilang na ang mga siyudad ng Baguio, Davao, Cagayan de Oro, Iloilo, Cebu, at Maynila mula ika-19 ng Agosto hanggang ika-17 ng Setyembre 2019.



CEM Exhibit sa School of Tomorrow Philippine Educators' Convention 2019

COMMUNITY CORNER

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga komento o saloobin ng mga kasapi tungkol sa iba't ibang layunin, serbisyo at programa ng CEM. Upang mailathala ang inyong kaisipan sa corner na ito, mangyaring mag-email sa corpcom@cem-inc.org.ph.

ON CEM ONLINE NEWSLETTER

Narito ang ilan sa mga ipinadalang puna ng aming mga mambabasa tungkol sa *revival* ng CEM Online Newsletter.

"Greetings! It's the first time that I've seen this CEM Online Newsletter. The articles are very informative. It's only now that I got to know about CEM's radio program. The articles are easy to read and the layout is simple and readable... Thanks for taking the time to produce the issues and informing partners about what's happening. More power!"

Mr. Romel R. Obinario

Principal, Laguna BelAir Science School

"I read through the two issues of Vol III and I think it is very easy to read. It is very visual and not wordy in such a way that it takes up too much of the reader's precious time. Congratulations and thank you."

Fr. Emil Lim, SVD

Saint Jude Catholic School

"Thank you for sharing some updates about CEM and in the field of Educational Measurement. We look forward for more relevant updates in the future. May God grant you with more blessings as you continue your mission in the academic world."

Carlino G. Santos, Jr., RGC

*Guidance Counselor, Philippine Normal University
North Luzon Campus, Alicia, Isabela*

All about Baybayin

Ang Baybayin ay isang pre-kolonyal na sistema ng pagsulat sa Pilipinas na itinatayang ginamit mula noong ika-16 hanggang ikahuling bahagi ng ika-19 na siglo. Ito ay ginamit ng mga Tagalog at iilang mga Kapampangan at lumaganap sa mga Ilocano nang isinulong ng mga Kastila ang paggamit nito sa paglimbag ng Bibliya. Sa kasalukuyan, ang Baybayin ay nagbabalik sa maka-sining na pamamaraan upang maghatid ng makasaysayang impresyon at maging simbolo ng ating pagka-Filipino. Nagiging tanyag na rin ang mga *tattoo* na Baybayin at *brush calligraphy*. Noong 2010 ay sinimulang gamitin ang Baybayin sa mga perang papel sa Pilipinas, hindi lamang bilang bahagi ng disensyo kundi bilang *security feature*.

SANGGUNIAN: www.mandirigma.org

Pagsulat ng Modernong Baybayin

Ang modernong Baybayin ay binubuo ng 18 na titik– tatlong patinig at labinlimang katinig.

PATINIG

𑀓 𑀕 𑀆
A E/I O/U

KATINIG

𑀇 𑀈 𑀉
MA NA NGA

𑀇 𑀈 𑀉 𑀊 𑀋 𑀌
BA DA GA HA KA LA

𑀍 𑀎 𑀏 𑀐 𑀑 𑀒
PA RA SA TA WA YA

IBA PANG SIMBOLO

/ = KOMA/KUWIT

// = TULDOK

• or > = KUDLIT

) = PAMUDPOD

𑀇 𑀇 𑀇
Ka Ke/Ki Ko/Ku

Ang bawat katinig ay may tunog ng patinig /a/. Gumamit ng **kudlit** upang palitan ang tunog nito ng patinig e/i o o/u gaya ng halimbawa sa itaas.

Gumamit ng krus-kudlit o pamudpod upang alisin ang tunog /a/ ng isang titik.

𑀇 𑀇 𑀇
Ka K K